

PROLOGUE

Napatigil sa pagsusulat ng lesson plan si Lauren nang marinig niyang huminto na sa pag-ikot ang washing machine. Agad niyang binitawan ang ballpen para harapin muna ang labada. Nang makapagsalang siya ng panibagong batch ng damit ay binalikan niya ang ginagawang lesson plan. Sabado ngayon pero sa halip na magpatanghali sa higaan ay maaga niyang hinarap ang mga gawaing bahay.

Kailangan ng teamwork, paalala niya sa sarili.

Teamwork. At siya ang lumalabas ngayon na team captain ng pamilya kaya sa kanya nakaatang ang mabigat na pasanin. Physically at emotionally exhausted na siya pero wala siyang karapatang magreklamo.

High school student pa lang siya nang sabay mamatay sa isang vehicular accident ang kanyang mga magulang. Siya, at ang tatlo pang mga kapatid, ay buong pusong kinupkop ng mabait niyang paternal uncle. May anim din itong anak kaya kung susumahin ay para silang sampung magkakapatid.

“Lauren,” narinig niyang tawag ng kanyang

tiyuhin. Nakabihis na ito papuntang palengke.

Mula nang ma-stroke ang kanyang Uncle Ben ay napilitan nang um-extra sa pagtitinda sa palengke ang kanyang Auntie Susan para magkaroon ng extra income.

Mabuti na lang at may trabaho na siya bago nagkasakit si Uncle Ben. Pero kulang pa rin ang sinasahod niya bilang public school teacher at ang kaunting pension ng tiyuhin sa papalaking gastusin ng pamilya.

“Aalis na ako, Neng,” paalam ni Auntie Susan. “Sana’y ginising mo si Me-an para may makatulong ka sa paglalaba.”

“Hayaan n’yo na, Auntie. Halos madaling-araw nang natulog ’yon dahil sa term paper,” tukoy niya sa pinsan. “Hindi ko na rin ginising sina Joy at Mia dahil may Saturday class sila mamaya,” tukoy niya sa kapatid at pinsan na parehong graduating sa high school.

Tatlo na ang college nila next school year. Parang nanakit bigla ang ulo niya pagkaisip sa napipintong sitwasyon nila—tatlong college, dalawang high school, dalawang elementary at idagdag pa ang medical maintenance ng tiyuhin.

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

Kaya tuloy naisip na niyang tanggapin ang alok na trabaho ni Aida—isasama siya nito sa Liechtenstein para maging English tutor ng kambal nitong anak na papasok sa isang International School sa nasabing bansa. Dito sa Pilipinas lumaki ang mga iyon kaya nahihirapang mag-adjust doon. German ang official language sa nasabing lugar, English naman ang medium of instruction sa paaralan. Sa opinyon ni Aida, mas matututo ang mga anak nito kung naroon siya. Madali na umano siyang matututo ng German language pagdating doon.

Mapipilitan kung kailangan, naisip niya.

Hindi pa niya alam kung nasaang bahagi ng daigdig ang bansang iyon ay pumayag na siya at nagpahayag ng interes.

“Ang aga naman ninyong nagsibangon,” aniya sa tatlong pupungas-pungas na dalaga.

“Nangurot na ng singit si Mama kaya napilitan na kaming gumising,” ani Mia.

“Bakit ba kasi ang aga mong maglaba, Ate?” tanong ni Joy at nangalumbaba sa harap niya.

“May date kami ni Kiel mamaya,” tugon niyang nakangiti.

Tila nawala ang pag-kaantok ng tatlo.

“Uuy...” tudyo ng mga ito.

“Nag-propose na ba ng kasal?” Si Me-an.

“Pumayag ka na, Ate?” pangungulit ni Joy.

“Mga adelantada talaga kayo!” biro niya. “Hindi pa ako mag-aasawa hangga’t hindi kayo nakaka-graduate ng college. Intiendes?”

“Fourth year high school pa lang kami ni Joy, Ate Lauren. Baka beinte-ocho ka na pagdating namin ng senior sa college. Hindi kaya mainip sa kahihintay si Kuya ?” tanong ni Mia.

“Hindi siguro. Alam naman niyang pagtatapusin ko pa kayo.”

“Kasi naman, kung sino pa ang mga lalaki, sila pa ang hindi maasahan,” may panghihinayang na pahayag ni Me-an. Ang mga kapatid nitong lalaki ang iniisip nito.

“Huwag mo nang sisihin ’yong dalawa. Buti nga kahit may sarili na silang pamilya, nagsisikap pa ring mag-abot kahit paano,” aniya.

Si Rainer, ang kapatid niyang sumunod sa kanya, naka-graduate nga ng engineering course pero hindi

pa nakakapasa sa licensure exam ay nag-asawa na.

Si Jonel naman, ang panganay na anak ng tiyuhin, hindi pa nakaka-graduate ng college, nag-asawa na rin. Magtatatlo na ang anak nito.

Bago magtanghalian ay dumating na si Kiel. As usual, may food takeout na naman itong bitbit galing sa mina-manage na restaurant—family business ng mga ito.

Natutuwa naman siya at seryoso na ito ngayon sa buhay at negosyo. Hindi tulad noong college sila na puro motor racing ang umuokupa sa interes nito.

Ang akala niya ay manonood sila ng sine o kaya ay mamamasyal sa mall pero sa isang bagong subdivision sila pumunta.

“Surprise!” ani Kiel nang ihinto nito ang motorsiklo sa tapat ng isang bagong gawang bahay.

“Kaninong bahay ’yan?” nagtatataka niyang tanong.

“Ours, Lauren,” proud na tugon ni Kiel habang tinutulungan siyang alisin ang helmet sa ulo. “Halika sa loob,” anyaya nito.

“Wow! Ang ganda. Bahay mo ba talaga ito, Kiel?” hindi makapaniwalang tanong niya sa nobyo.

“I didn’t say mine. Ang s’abi ko, ‘ours’. Bahay natin.”

Excited niyang inusyoso ang kabahayan. Three bedrooms, medyo maliit ang living room pero doble naman ang laki ng kitchen. Open space ang laundry area sa likod na akma rin para sa backyard gardening.

Sa bawat paglibot niya ay nakasunod lang ang nobyo. Mayamaya ay nagsalita ito.

“Lauren, gusto ko nang mag-settle down, magkaroon ng sariling pamilya. Pakasal na tayo.”

Natahimik siya. Natuwa siya sa sorpresa ni Kiel pero hindi niya akalaing magyayaya na itong magpakasal sila. Hindi pa siya handa.

“Ezekiel,” nagpapaunawa niyang umpisa, “alam mo namang magpapaaral pa ako, di ba?”

“Ang s’abi ko naman tutulungan kita sa obligasyon mo sa mga kapatid at pinsan mo. Magiging kapamilya na rin naman ako kapag kasal na tayo.”

Hindi ganoon kadali iyon. May obligasyon din si Kiel sa pamilya nito. Nasa estado ito ngayon na kailangang mapatunayan ang self-worth at

makapagpakitang-gilas. Kailangan nitong makuha ang pagtitiwala ng sariling ama na may kakayanan din itong humawak ng negosyo.

Dahil sa pagiging easy-going ni Kiel noong college, nagkaroon ng maling impresyon dito ang amang si Roberto Santillan. Managerial position lang ang ibinigay ritong posisyon sa isang branch ng restaurant samantalang si Jonathan, na stepson, ay OIC sa apat na branches ng *Asian Delights Restaurant* kapag nagtutungo sa ibang bansa si Don Roberto at ang bagong asawa nito.

“Tinatanggihan mo ba ang alok ko, Lauren?” malungkot na tanong ni Kiel nang ilang sandali pa ay nanatili siyang walang-kibo.

Kitang-kita ang disappointment at unhappiness sa guwapong mukha nito. Nahahabag man ay hindi naman niya mabigyan ng false hope ang nobyo.

“Hindi sa ganoon. Just give me some time to think, okay? Binigla mo kasi ako. Una itong bahay, ’tapos kaagad-agad nag-propose ka,” she said in an affectionate tone so that in a way, maalis ang tension at sana ay maglubag ang loob ng minamahal niyang kasintahan.

“Okay.” Napilitang sumang-ayon si Kiel. Masuyo

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

siya nitong niyakap at hinagkan sa labi. “I love you, Lauren. You are my rose.”

“And you are the sunshine and dew that keeps this rose alive and fresh, Ezekiel. Kapag nawala ka sa buhay ko, I’ll wither and die.” Totoo ang sinasabi niya. Maliban sa pamilya, ang nobyo ang inspirasyon at nakakapagpaligaya sa buhay niya.

Natatawang pinisil ni Kiel ang kanyang ilong. “Hindi ko alam na poet din po pala kayo, Ma’am Lauren.”

“Bakit nga pala hindi yero ang bubong?” Napansin ni Lauren na solidong semento ang rooftop ng bahay nang bumalik sila roon nang sunod nilang date.

Pinagtutulungan nilang magkasintahan ang paghahakot sa kade-deliver lang na mga halaman. Nakatanim ang mga iyon sa poly-bag at ready for transfer na sa lupa.

“Future expansion plan, Sweetheart. Ang sabi ni Mack-Mack sa atin daw siya titira. Malay mo, magsigaya pa ang iba. Mabuti na ’yong prepared tayo, di ba?”

Futuristic mag-isip si Kiel. Kailan lang halos

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

walang direksyon ang buhay nito pero ngayon, heto at may sarili na palang bahay at nakahanda nang lumagay sa tahimik.

Muli siyang sinalakay ng guilt feeling. Walang kaalam-alam si Ezekiel na nagbabalak na siyang mangibang-bansa at hindi pa siya nakahandang tanggapin ang alok nitong kasal.

“Ayan, Ma’am Lauren, kumpleto na ang orders mo,” nasisiyahang saad ni Kiel nang mahakot lahat ng halaman sa loob ng bakuran.

Buhay na buhay na ang mga iyon pero wala pang bulaklak.

“Apat na klase lang ba ang in-order ko?”

“Lima. To follow na lang daw ’yung mga orchids dahil wala pang available driftwood na pagpapakapitan. For the meantime, nandito na muna ang roses, hydrangea...” Itinuturo nitong isa-isa ang mga halamang binabanggit, “petunia, fortune plant at bougainvillea.”

Natatawang itinama ni Lauren ang kasintahan. Sa rosas lang ito tumama at nagkapalit-palit na ang sa apat pang halaman.

“Maganda na naman ang paligid kahit wala pang

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

masyadong tanim, di ba? Nadala ng periwinkle.” Nakapako ang paningin niya sa mga pink and white wild periwinkles na nagkalat sa labas ng bakod. Hindi naman itinanim ang mga iyon, marahil ay produkto lang ng pollination.

“Tama ka. At nakatulong din ’yung gumagapang na halaman ng kapitbahay natin para hindi masyadong damuhin ang lawn. Ano bang klaseng halaman ’yan?”

“Portulaca,” tugon niya. “Tinatawag ding rose moss. Ang cute ng flowers, ’no?”

“Pangit. Pagdating ng hapon wala ka nang makitang bulaklak.”

“Mamumukadkad din naman kinabukasan pagsikat ng araw.”

“Ephemeral. Parang conditional love. Parang taong walang sense of commitment. Nariyan lang kapag gusto.”

“Ang lalim naman n’un. Parang may pinaghuhugutan,” biro niya.

Nakakaramdam na kaya ang nobyo na mayroon siyang inililihim?

1

Principality of Liechtenstein, Europe

“Apat na taon ka na sa bansang ’yan, Lauren, pero hanggang ngayon ay hindi ko pa rin mabigkas nang tama ang pangalan.” Tinig iyon ng kanyang Auntie Susan na kausap niya sa telepono. “Ako’y pinagtatawanan ng mga damuhong batang ’to kapag nabibigkas ko nang ‘Linshenshayn’. Lalo na noong minsang mabigkas ko nang ‘Lintikyan’, aba’y ’kala mo, mga kinikiliti.”

Sinikap niyang huwag matawa dahil baka akalain ng tiyahin na nanunuya rin siya. Matapos huminga nang malalim ay itinuro niya ang tamang pagbigkas.

“Auntie, Liechtenstein po. Dahan-dahanin nating bigkasin... Lik-tens-tayn.”

“Liktenstayn. Aba’y tingnan mo nga lang naman, mas katunog pa nga ng lintikyan.”

Nang bumungisngis ang tiyahin ay saka lang niya pinakawalan ang kanina pa pinipigil na pagtawa.

For some time in her life since she left home, parang nakalimutan na niyang tumawa. Seemed like

humor had deserted her as punishment for being unfair to Ezekiel. Itinuring na niyang patay ang kalahati ng kanyang pagkatao. Para siyang rosas na kulang sa sigla, malnourished—because the person she considered as her sunshine and dew was gone.

“Uwi ka na, Neng, miss ka na namin dito.”

Nagsimula na namang maging emosyonal ang tiyahin. Four straight years na hindi siya umuuwi ng Pilipinas. May trabaho na rin si Me-an at ga-graduate na ng college sa March sina Joy at Mia.

“Hayaan n’yo po at magbabakasyon din ako.”

“Bakasyon? Ang ibig ng uncle mo ay umuwi ka na nang tuluyan. Kinalimutan mo na ang sarili mong kaligayahan, Neng.”

“Hindi naman po. Makatapos lang ng college ang mga bata, pipirmi na rin ako diyan sa atin.”

“May trabaho naman na si Me-an. Pasasaan ba at magkakaroon din ng sariling hanap-buhay itong dalawang ga-graduate. Sila na rin ang bahala kay Mack-Mack at sa tatlo pang kasunod. Maganda na rin ang trabaho ni Rainer.”

Mabuti naman kahit hindi pa board passer ang kapatid ay na-hire ito bilang minor engineer sa isang

budding company sa kanilang lugar.

“May sarili na po siyang pamilya, Auntie. Baka makabigat pa kung sasaluhin niya si Mack.”

“Ay siya, pero ako’y nag-aalala din sa ’yo. Para bagang pinipiga ang puso ko kapag naiisip kong mag-isa ka lang diyan.”

“Sanayan lang, Auntie Susan.”

Oo, at nasanay na rin siya kalaunan. Paminsan-minsan inaatake pa rin siya ng nostalgia lalo na kung tag-niyebe at wala siyang makausap dahil karamihan ng mga tao ay namamaluktot sa isang sulok.

Mild lang ang snow sa lugar kapag winter, sobrang lamig pa rin pero hindi kasing-lala ng mga karatig bansa nitong Austria at Germany. Swiss franc ang monetary unit doon.

Napakaliit ng Liechtenstein na may sukat lang ng one hundred sixty square kilometers kumpara sa Pilipinas na nasa three hundred thousand square kilometers. Pero mas industrialized ito at mas mababa ang unemployment rate.

“Ate Lauren, hindi ba mahirap ispelingin ang mga tao diyan?” seryosong tanong ni Mack-Mack.

“Hindi naman. Parang mga Pilipino din, may

mabait may hindi. Bakit mo naitanong?”

“Feeling ko lang mahirap talaga silang ispelingin. Ano na nga bang tawag sa mga nakatira sa bansang ’yan, Ate?”

“Kung sa Pilipinas ay Pilipino o Pinoy, dito naman tinatawag na Liechtensteiners ang mga inhabitants.”

“Spell mo nga...”

“L-I-E-C-H... teka lang, ginu-goodtime mo ba ako, Macky Boy?” kunwari ay galit niyang sita sa kapatid nang ma-gets ang pinupunto nito. Miss na miss na niya ang kakulitan ng bunso nila.

“Di ba, ang hirap nilang ispelingin?”

Talagang kapag sa kalokohan ay hindi pahuhuli ang batang ito. Mabuti na lang at seryoso naman sa pag-aaral. Ibinalita rin nitong magte-take ito ng qualifying exam para sa full scholarship grant ng isang charitable foundation. Kung makakapasa ito, malaking kabawasan sa gastusin ang tuition fee at makakapaglaan na siya ng para sa sarili nilang bahay.

Pagkatapos ay ipinasa naman nito ang phone kay Joy. Twenty years old na si Joy pero mukhang hindi pa naa-outgrow ang fantasy sa mga queens and princesses. Pangarap nga daw nitong mag-abroad sa

London para makita lang ang *Buckingham Palace*.

“Parang England lang, ’no, Ate? May mga your-highnesses.” Halata ang girlish delight sa tinig nito.

“Oo. Pero sa halip na king and queen, prince and princesses lang. At saka ‘His Serene Highness’ ang gamit na address sa ruling prince hindi ‘Your Majesty.’”

“Wow! I really like that. Nakapunta ka na ba sa Royal Palace?”

“Kapag birthday ng Prince, open house ang royal residence. Pero hindi pa ako nakapunta doon. Kung sa tanaw naman, sawa na ako.”

The royal castle was situated in a steep hill overlooking the village.

“Kung napapansin mo ’yung mga kastilyo sa bundok sa mga fairy tale movies, gan’un na gan’un,” dagdag niya. Sa mala-fairy tale village na pagkakarawan niya sa Liechtenstein, hindi siya magtataka kung bigla na lang sumulpot dito si Joy one of these days.

Araw-araw niyang natatanaw, pagpasok at pag-uwi ang royal castle. Nasa Vaduz City rin kasi ang restaurant na pinapasukan niya bilang bookkeeper.

Pagkatapos ng six months tutorial contract niya

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

sa mga anak ni Aida, kinuha naman siya ng asawa nitong si Mr. Fritz Hasler bilang temporary bookkeeper sa bagong tayong *Asian Delights Restaurant*. Kasosyo nito si Mr. Roberto Santillan.

Temporary lang hangga't hindi pa afford ng *Asian Delights* ang serbisyo ng isang accountant. Pero inirekomenda siya ni Jonathan para maging permanent. Nang magustuhan ni Fritz ang trabaho niya ay nag-alok ito ng mas mataas na sahod kapalit ng pananatili niya sa serbisyo—na hindi niya nagawang tanggihan. Basic bookkeeping lang naman ang task niya.

Noong nagsisimula pa lang ang *Asian Delights* four years ago, narito rin sa Vaduz sina Mr. and Mrs. Santillan. Nang maging stable na ang takbo ng negosyo ay nagbalik ang mga ito sa Pilipinas at dumadalaw-dalaw na lang dito. Sa ngayon ay si Jonathan ang tumatayong assistant ni Fritz.

Gaststätte

Iyon ang karatulang nakasabit sa tabi ng logo ng *Asian Delights*—German word na ang ibig sabihin ay kainan.

Nakahanay ang *Asian Delights* sa kulumpon ng

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

mga restaurants na matatagpuan sa commercial area ng kabisera ng Liechtenstein. Nag-iisa itong Asian restaurant, karamihan ay European at American cuisines ang offer.

Alas doce ng tanghali hanggang alas nueve ng gabi ang official operating hours nito pero dahil clerical task naman ang gawain niya, alas ocho ng umaga hanggang alas cinco ng hapon ang karaniwang pasok niya.

“Good morning, Ludwig!” Masigla niyang binati ang isang staff na nadatnan.

“Mornin’, *Frau* Lauren!” tugon nito in his heavy German accent.

Iba’t ibang nasyonalidad ang kasama niya sa trabaho. May Swiss, Austrian at siyempre, Liechtensteiner. German ang common language ng mga ito. Bukod kina Mr. and Mrs. Santillan at Jonathan, dalawa lang ang Asyanong staff ng restaurant—siya at ang Malaysian chef na si Sari.

“You pretty today, *Fraulein*.”

Napangiti siya sa broken English ni Ludwig. Ang sabi ng amo niyang si Fritz ay may balak daw manligaw sa kanya si Ludwig pero hindi ito makaporma dahil hindi masyadong makaintindi ng English. Siya naman

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

ay hirap na hirap pa ring intindihin at bigkasin ang German until now.

“*Danke,*” pasasalamat niya sa papuri nito. “Have you eaten your breakfast?”

Sa halip na sumagot ay napakamot lang sa ulo ang kausap. Kapag ganoon ay alam na niyang hindi naintindihan ang mensahe niya sa wikang Ingles.

Susubukan niyang i-translate sa German ang ibig sabihin. Mukhang pagpapawisan siya kahit malamig ang panahon.

“Uhm... *Frühstück,* you...” Binanggit niya ang word na katumbas ng breakfast, itinuro ang kausap at saka siya nag-sign language ng ‘kain’.

Malapad ang ngiting umaliwalas ang mukha ni Ludwig.

Hay, nagkaintindihan din. She sighed.

“*Nein.*” Umiling si Ludwig at pagkatapos ay niyaya siya sa kitchen ng restaurant kung saan sila puwedeng kumain. Chef din ito katulad ni Sari.

Nadatnan nilang busy na ang kitchen crew sa pagpe-prepare ng raw ingredients.

“*Guten morgen!*” Binati niya ng magandang

umaga ang mga ito. Kagaya ng dati, alanganing ganting-bati ang tugon sa kanya. Siguro ay hindi satisfied sa pagbigkas niya.

Then she secretly murmured, *Buti pa ang mga Pinoy, kahit English carabao nagpipilit. Sabagay, wala nga palang kalabaw dito.*

Pagbati at basic conversation lang ang nagagawa niyang interaction sa mga katrabaho. Tanging si Fritz at ang sekretarya nitong si Johanna ang nakakausap niya nang medyo mahaba-haba.

“Zu *zmorga essen.*” Niyayaya na siyang mag-almusal ni Ludwig. Liechtenstein version ng Pinoy kape’t pandesal ang nasa mesa—*kaffee, brot, konfitüre* o coffee, bread and jam.

Mabuti na lang at hindi na niya kinailangang maki-bahay sa mga ibang nasyonalidad. Pinatira siya ni Mrs. Lolita Santillan sa bahay ng mga ito dahil wala naman daw umuokupa roon, lalo’t madalas ang mag-asawa sa Pilipinas. Isang matandang dalagang Swiss, si Dete, ang kasa-kasama niya sa malaking bahay noong una. Nang mag-migrate na rito si Jonathan kasama ang asawang Pinay, natuwa siya dahil may makakausap na siyang Tagalog-speaking human being.

2

Philippines

“Kiel...” malambing na tawag ng kanyang kasintahang si Jean. Lumapit ito at umabrisete sa kanya.

“May napili ka na bang painting?” tanong niya pero hindi mapuknat ang pagkakatitig sa larawan ng isang pulang rosas.

It was an oil painting. Single red rose ang naka-highlight at partially moonlit garden ang backdrop.

Kapag nakakakita siya ng rosas, and it caught his attention, isang tao lang ang maaalala niya—si Lauren. The woman he thought of as a rose, and who deceived him.

“Over there, Honey.” Hinila siya ni Jean kung saan naroon ang nagustuhan nitong likhang-sining.

Isang still life painting exhibit ang pinuntahan nila na may temang tungkol sa mga bulaklak.

“Look, Kiel, isn’t it splendid?”

Huminto sila sa tapat ng isang canvas. Hindi pa

naka-frame ang nasabing painting.

Rose again?

Iginala niya ang paningin sa iba pang obra na naroroon. Marami namang ibang bulaklak—may hibiscus, tulip, dandelion, daisy at kung anu-ano pa. Pero bakit namumukod-tangi ang mga rosas?

O sinasadya siyang biruin ng pagkakataon para ipaalala sa kanya ang isang matamis at mapait na bahagi ng kahapon?

“Lauren, ayokong umalis ka. Hindi ako papayag na sumama ka kay Aida sa kung saan mang lupalop ng daigdig siya pupunta.”

“Anim na buwan lang naman ’yon, Kiel. Bago matapos ang taon, narito na uli ako sa Pilipinas. Isipin mo, sagot ni Aida ang plane ticket. Tapos ’yung kikitain ko dito nang isang taon, kikitain ko lang doon sa loob ng anim na buwan.”

“Kahit na,” pagmamatigas niya. Kung alam lang niyang ang rekomendasyon niya ang maglalayo sa kanilang dalawa, hindi na sana niya inirekomenda si Lauren na maging English tutor ng half-Pinoy, half-German twins ni Aida.

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

Step-sister niya si Aida. Nang magtanong ito sa kanya kung may kakilalang tutor ay inirekomenda niya si Lauren dahil nagpa-part time tutor din ito, pandagdag sa budget. Palibhasa sa Pilipinas ipinanganak at lumaki ang kambal, nahirapan ang mga ito nang biglang mag-migrate sa German-speaking country. Ang solusyon na naisip ni Aida ay kumuha ng Filipino teacher na gagabay sa mga bata.

“Kiel, hindi mo ako naiintindihan. Kailangan ko itong gawin para sa pamilya ko.”

“Ikaw ang hindi nakakaintindi, Lauren. Alin ang hindi mo maunawaan sa ‘I am going to help you?’”

Hindi sumagot ang nobya. Sa halip ay lumuha lang ito.

Ah! The favorite defense mechanism of women. Ang lumuha para tunawin ang puso ng mga kalalakihan nang sa ganoon ay makuha kung ano ang gusto.

“Just this once. Pagbigyan mo na ako, Kiel, please.”

He couldn't bear to see his rose crying. Pumayag siya. Kung ikasisiya nito ang pansamantalang pagtatrabaho sa ibang bansa, sige, pagbibigyan niya.

“Okay.” He surrendered at masuyong niyakap ang kasintahan. “Just six months. Pagbalik mo,

magpapakasal na tayo,” deal niya.

“Naman...” reklamo ni Laure pero nakangiti na ito kahit may luha ang mga mata.

There. Kapag masaya si Lauren, masaya na rin siya.

“Kapag hindi ka bumalik within six months, susunduin kita sa Lintikyan,” biro niya.

“Sweetheart, Liechtenstein. Magagalit sa ’yo ang mga tao doon.”

“Whatever.” Niyakap niya ito nang mas mahigpit. Parang may nararamdaman siya na magtatagal ang paghihiwalay nilang iyon. “I’m gonna miss you, my rose...”

But she never came back.

“Fit na fit ang tittle, di ba, Honey?” untag ni Jean.

Kinakausap na pala siya nito ay hindi pa niya namalayan dahil kusang lumiko sa memory lane ang diwa niya.

“Come again?”

“Ang s’abi ko, fit ang tittle ng painting, *The Winter*

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

Rose. Look how the flower gave warmth to the sad and frozen winter day.”

“I can’t see any warmth, Jean,” matapat niyang pahayag. “Halos magkakulay na ang snow at rose. Bakit parang tinipid sa kulay?”

Hindi niya lubos maisip kung bakit lightest shade of pink ang kulay ng bulaklak gayong puwede namang tingkaran nang kaunti o kaya’y kulayan ng dilaw, purple o pula para hindi masyadong lumapit ang kulay sa puting-puting niyebe.

“Hon, warmth is not for seeing. It must be felt. Iniisip mo kasing dull ’yung object kaya hindi mo maramdaman.”

“Sorry, I’m not an artist like you.” Kinabig niya ito at hinagkan sa ulo.

Nagpe-paint din dati si Jean. Natigil lang nang maagang mag-asawa at magka-anak ng tatlo, naging busy mom. Ngayon ay taga-appreciate na lang muna ito ng work of art ng iba.

Nang una niyang makilala si Jean ay buntis ito sa bunsong anak at kasalukuyang on going ang divorce procedure. Awang-awa siya rito dahil sa pinagdadaan nitong bagyo sa buhay.

“Hindi mo naman kailangang maging artist para ma-appreciate ang art. Don’t just look with your eyes, Hon, gamitin mo din ang puso mo.”

“Okay, Ma’am.”

He had a little secret. Kapag tinatawag niyang *Ma’am* si Jean, si Lauren ang nakikita niya rito. Unfair, but she was better off not informed.

Isa si Jean sa mga pinaka-openminded na taong nakilala niya. Bago pa man niya ito niligawan ay ipinagtapat niyang ang pagkakahawig nito kay Lauren ang dahilan kung kaya siya naging interesado rito. Sa halip na magalit ay na-appreciate pa ni Jean ang honesty at frankness niya.

That was also the beginning of their friendship—naging exclusively dating hanggang sa naging officially on ang kanilang relasyon. Wala namang problema dahil mahigit dalawang taon nang divorced ang status nito. Hindi rin naman tutol sa relasyon nila ang mga anak ni Jean, well, paano nga palang tututol ang mga ito gayong seven, six at two years old pa lang ang edad ng mga bata? Close naman siya sa mga anak nito lalo na sa bunso na kapag nako-confuse ay tinatawag siyang daddy.

“Ano, kukunin mo na ang *The Winter Rose*?”

“Mukhang hindi pa tapos. Baka may idadagdag pa ang artist, wala pa kasi siyang signature.”

Matamang pinagmamasdan ni Ezekiel ang tatlong blueprint designs ng duplex type house nang dumating ang bisita niya.

“Hi, Ma!” Tumayo siya mula sa swivel chair at sinalubong ang ina. Kinintalan niya ito ng mapagmahal na halik sa noo.

“I brought you some lunch, Hijo.” Itinaas nito ang paper bag na may lamang lunch box. “Luto ko, hindi galing sa restaurant,” pahabol pa nito.

They approached his office table. Agad namang inirolyo ng kanyang engineer ang nakalatag na papel.

Siguradong may hihinging pabor ang ina dahil pambihirang pagkakataon na ito ang dumadalaw sa kanya. Sa bahay pa rin naman nito siya nag-i-spend ng weekends at special occasions kahit may sarili na siyang bahay na inuuwian.

“Sir, mauna na ako, Ma’am,” paalam ng tauhan niya bitbit ang mga nakarolyong blueprints.

“Sige, Ner, salamat. Bigyan mo na lang ako ng soft copy sa Auto-CAD.”

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

From the restaurant business, he shifted his career to real estate. Tama ang pilosopiyang kapag gusto o mahal mo ang ginagawa mo, madaling abutin ang tagumpay.

Kaya pala kahit anong effort ang gawin niya bilang restaurant manager kulang pa rin. Hindi tuloy na-impress sa kanya ang sariling ama. But once he found his place under the sun, no sweat, he was enjoying and profiting at the same time.

“How’s business, Ezekiel?”

“Doing fine, Ma. Ilang phase na lang ang iko-complete at ready for occupancy na ang mga units.”

First major venture niya ito sa real estate. Nang makaipon siya nang sapat na salapi mula sa pagiging small time developer, isinosyo niya ito sa *Eagle Builders Corporation* kung saan siya naka-acquire ng fifteen percent worth of share.

“Ano na nga ba’ng pangalan ng major-major business na ’yan?” quote ng ina mula sa isang beauty queen.

“*Vittoria Grandioso Homes*,” he said proudly. *Eagle Builders* was the developer behind that housing project along the highway in Cabanatuan City.

“Napakalayo na ng narating mo, Hijo.” Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan nito bago nagpatuloy. “When you were in college, I thought you’re attempting suicide. Hindi mo lang alam na para akong unti-unting pinapatay kapag nakikita ko sa video clips kung paano mo paliparin sa ere ang sinasakyan mong motorsiklo.”

He laughed. “Ma, naman. Motorcycle racing was just my hobby. At wala akong intensyong takutin kayo.”

“Salamat na lang at nakalimutan mo rin ang kahibangan sa teribleng sports na ’yun. And I owe that to her.”

Hindi niya pinansin ang tinukoy nito.

Sumasakay pa rin siya sa motorsiklo hanggang ngayon. Para mag-relax o maglibang pero hindi na para makipagkarera.

“Anyway, Ma, ano nga pala ang sadya n’yo sa akin?” pag-iiba niya sa paksa ng usapan. The past few days, parang may connivance na nagaganap sa mga pangyayari. May mga insidenteng parang sinusubukan siya kung totoong nakapag-move on na siya o hindi pa.

Of course he had moved on, kaya nga niyaya na

niyang pakasal si Jean.

“I’ve a favor to ask. Alam mo na namang na-stroke ang papa mo, di ba?”

Tumango siya. “Pero okay na siya, Ma. Stable na at nakapag-undergo na ng physical therapy.”

“Hindi iyon ang punto ko, Ezekiel. Ang gusto ko sana dalawin mo ang papa mo as a representative from our family.”

Wala siyang masabi. He looked at her mother tenderly—sa kabila ng pang-iiwan ng papa nila, she still loved him. Nang mabiyuda ang childhood sweetheart ng ama ay tuluyan na nitong diniborsyo ang mama niya para mapakasalan ang biyuda.

Para namang nabasa ng ina ang tumatakbo sa kukote niya.

“Ezekiel, he is your father. Kahit naghiwalay na kami, he still provides for us. He might not be a good husband but he was a good father to the three of you.”

Good father, kahit na kung minsan ay mas napapaboran nito ang mga stepchildren. Kailan lang nakahawak ng mataas na posisyon ang kapatid na si Bryan, nang mag-migrate sa ibang bansa si Jonathan.

“Hindi mo naman siguro gugustuhing ako ang

dumalaw? Besides, napaka-awkward naman kung magsasama-sama kami nina Roberto at Lolita sa iisang bubong kahit ilang araw lang.”

“Si Bryan, Ma, hindi ba siya puwede?”

“Puwede niyang iwan ang restaurant kahit ilang linggo. Ang problema, kabuwanan na ngayon ng asawa niya. Si Kate naman, as you know, nasa Singapore.”

Si Kate ang kanyang bunsong kapatid. Kumukuha ito ng higher degree ng HRM sa nasabing bansa at graduating student na kaya nakakapanghinayang namang istorbohin ang konsentrasyon sa pag-aaral.

Hindi naman siya galit sa ama at gusto rin niya itong dalawin kung tutuusin. Kung nasa kapitbahay lang sana ang papa niya kahit araw-araw ay dadalawin niya ito. Ang kaso sa ibang bansa ito naabutan ng pagkakasakit.

At sa dinami-dami ng bansa sa mundo, bakit sa Liechtenstein pa?

Nangako siyang hinding-hindi na babalik sa bansang iyon matapos niyang sunduin doon si Lauren at hindi sumama sa kanya pabalik.

“Are you going or not?”

“Pag-iisipan ko pa, Ma.”

“Huwag ka nang mag-isip. Take off, Ezekiel. You will be hitting two birds with one stone.”

“Mama...” sansala niya. Alam na niya kung ano ang kasunod na sasabihin ng ina.

Bless his all-knowing mother—a martyr wife, a patient and understanding mom, a respectable woman—at minsan para rin itong psychic na nakakabasa ng pag-iisip. “I’ll think about it, okay?”

3

November na, matindi na ang lamig. Ilang araw pa at babagsak na ang snow.

“Nariyan ka lang pala.” Nasisisyahang dinampot ni Lauren ang maliliit na cubes na nakabalot sa plastic. Napailalim iyon sa mga chocolate boxes sa loob ng refrigerator. “Akala ko, may iba nang kumain sa ’yo.” Ibinulsa niya ang supot para mabawasan ang lamig.

Matapos maibalik sa pagkakasalansan ang mga *Toblerone* bars at iba pang tsokolate ay nagtimpla siya ng mainit na gatas at nagbalik na sa kuwarto.

Malaki-laki rin ang bahay ng mag-asawang Roberto at Lolita, two-storey. Lima ang bedrooms sa itaas at sa ibaba naman ay isang guestroom, study room at servants’ quarter makalampas sa kitchen.

Mas pinili niyang okupahin ang nag-iisang kuwarto rito sa ibaba noong papiliin siya ni Mrs. Santillan kung aling silid ang gusto niya. Para kasing masyado na siyang feeling kapamilya kung sa second floor pa siya magkukuwarto.

“Let me go home. I’m just too far from where you

are...” Sinasabayan niya ang *Home* ng *Westlife* na kasalukuyang nagpe-play sa music player ng kanyang cellphone. Naka-program sa playlist nito ang sunod-sunod na awitin ng *Westlife*.

Nasa hospital ang mag-asawa kasama si Jonathan para sa therapy ni Mr. Santillan. Si Dete naman ay day off kapag Linggo kaya solong-solo niya ang bahay.

Maingat niyang inalis ang plastic wrapper ng brown cube, ilang sandaling tinitigan ito bago isinubo.

“Ang sarap talaga ng bukayo, super!” Natatawa na lang siya sa sariling kasentihan.

Dati-rati ay hindi niya pinapansin ang bukayo. Pero ngayon, mas naa-appreciate pa niya ito kesa sa *Toblerone* o sa anupamang Belgian o Swiss chocolates. “Kaya kayang maka-survive ng coconut tree sa snow? Hay, miss ko na rin ang buko.”

Pasalubong pa ni Jonathan ang bukayong ito nang bumalik ang lalaki galing Pilipinas noong nakaraang buwan. Inuunti-unti lang niya itong kainin. Kung sana ay puwede lang magpadala ng mangga’t bagoong. Naglaway siya nang maisip ang maasim at maalat na pagkain.

Naubos na ang mainit na gatas ay hindi man lang siya pinagpawisan. Naghagilap siya ng makapal na

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

medyas at pandobleng jacket. She curled up in bed cuddling her soft pillow under the warmth of the comforter.

An empty street, an empty house, a hole inside my heart.

Kasalukuyang nagpe-play ang *My Love*.

“Ano ba naman, *Westlife*? Hindi n’yo naman ako ini-entertain. Lalo n’yo na lang akong pinalulungkot,” reklamo niya sa kanyang favorite pop music band.

Home sick na home sick na siya at gustung-gusto na niyang umuwi. Kung may ibang choice lang sana, ang kaso wala. It was an either/or-neither/nor type of choice—uuwi siya pero hindi makapag-aaral ang mga scholars niya o mananatili siya rito at makapag-aaral nang matiwasay ang mga kapatid at pinsan niya.

Idadaan na lang niya sa tulog ang nararamdamang pananabik sa mga taong minamahal. Lalo siyang namaluktot at niyakap nang mahigpit ang unan na parang yakap na rin niya ang mga kapatid. At pagkatapos ay pabulong na muling sinabayan ang boy band.

“So I say a little prayer and hope my dreams would take me there...”

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

Io-off na lang sana niya ang music dahil lalong umaatake ang nostalgia kapag nakakarinig siya ng mga sentimental songs. Nang ilabas naman niya ang kamay sa kumot para dukwangin ang cellphone sa tabi ng lampshade, sumalakay naman ang matinding lamig. Kinatamaran na niyang bumangon dahil lalamig muli ang higaan.

“Bahala ka na nga, malo-low bat ka rin...”

She shut her eyes and tried to ignore the music. She tried to think of something else tulad na lang ng balak niyang pamamasyal sa karatig-bansang Switzerland. Matagal na siyang niyayaya ni Aida na pumunta kahit sa Italy, noong nakaraang mag-out of the country ang pamilya nito. Nanghihinayang lang siya sa pamasahe at sa gagastusin kaya hindi siya sumasama.

Mataas ang standard of living sa Switzerland kaya siguradong mahal ang bilihin doon kahit basic commodities. Pero ang sabi ni Aida ay train lang ang sasakyan nila at hindi na sila magho-hotel dahil may kapatid si Fritz na nakabase sa Zürich.

Bahagya siyang sumigla nang marinig ang music intro ng *Uptown Girl*. Cheerful ang mood at mabilis ang tempo ng awit kaya na-uplift din ang pakiramdam niyang kanina lang ay parang iiyak na. But still, one

of the lines triggered a sad memory.

“You are rejecting me just because I can’t afford to give you pearls? Dahil iniisip mong hindi ko kayang bumuhay ng sariling pamilya?”

“Hindi sa ganoon, Kiel. Hindi kita nire-reject. Mahal kita, alam mo ’yan. Mahal na mahal.”

“Anong klaseng pagmamahal, Lauren, conditional?”

*“Wala naman akong hinihinging kondisyon...”
Nahihirapan na siyang ipaintindi sa kasintahan na hindi pa sila puwedeng lumagay sa tahimik hangga’t hindi maliwanag ang kanya-kanya nilang obligasyon sa pamilya. “Just give me time. Unawain mo naman ako, Kiel, please.”*

“I perfectly understand your situation. Bread winner ka, as simple as that, at kailangan mong magtrabaho.”

“Ayun naman pala. Then let me work here to feed my family.”

“Paulit-ulit na lang tayo, Lauren,” nayayamot nang pahayag ng nobyo. “Bakit hindi mo pa ako derechahin na ayaw mo na sa akin? Na ginamit mo lang excuse ang pagpunta sa bansang ito para iwan ako?”

*“Saan mo ba nakuha ang teoryang ’yan, Ezekiel?”
tanong niya na may bahid na rin ng iritasyon.*

Kagaya ng sinabi nito noon na susunduin siya kapag hindi bumalik sa takdang panahon na napagkasunduan nila, sumunod nga si Kiel sa kanya at isinasama na siya nito pabalik sa Pilipinas. Pero hindi niya matanggihan ang alok ng among Aleman—sayang ang Swiss franc na kikitain niya rito.

“It’s a fact, not a theory. Iyan ang sinasabi ng actuations mo. Nangako kang babalik pero hindi mo tinupad. Ibig sabihin hindi ka kuntento sa pangako kong tutulong ako sa pamilya mo. O dahil kay Jonathan kaya mas gusto mong mag-stay dito?” may malisyang pahayag nito.

“Nariyan ka na naman sa kaseselos mo. Kung may gusto ako kay Jonathan, siya sana ang boyfriend ko at hindi ikaw.” Napatid na rin ang kanyang pagtitimpi. Sa lahat ng ayaw niya ay iyong binibigyang-kahulugan ang bawat kilos niya.

At saka ano pa ba ang gustong patunay ni Ezekiel para maniwala ito sa pagmamahal niya? Bago siya umalis ay ipinagkaloob niya ang sarili rito kahit alam niyang maling-mali iyon.

“Nagtatrabaho ako hindi dahil trip ko lang.

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

Nagtatrabaho ako dahil kailangan. At tungkol naman sa iniaalok mong tulong...” Galit na siya at hindi na niya kontrolado ang mga salitang lumalabas sa bibig. “Kiel, magkano ang sinasahod mo bilang manager? Quince, beinte, beinte-cinco mil? Kasya ba ’yon sa dalawang pamilya? Saan ka kukuha ng para sa pansarili mong gastusin, hihingi sa mama mo? Exercise mind over matter, Kiel.”

Hindi niya intensyong maliitin ang kakayanan ng nobyo. Gusto lang niyang makita nito na unrealistic ang iniaalok nitong tulong. At saka maaatim ba niyang kunin ang halos lahat ng pinaghirapang kitain nito? May delicadeza rin naman siya.

“Lumabas din ang totoo,” malungkot na saad nito.

Alam ni Lauren na nasaktan niya si Kiel sa mga pinagsasabi niya at hindi na niya ito puwedeng bawiin.

“Sweetheart, I’m so sorry.” Lumapit at humawak siya sa braso ng kasintahan. “I didn’t mean what—”

“Huwag ka nang magpaliwanag, Lauren.” Ipiniksi nito ang brasong hawak niya. “Malinaw na ang lahat. Katulad din ng pagtingin ni Papa ang tingin mo sa akin—I am good for nothing. Incompetent. Kaya hindi dapat pagtiwalaan ng malalaking responsibilidad.”

“Hindi, Kiel. Ayaw ko lang makadagdag pa kami

sa pasanin mo.”

“Ayaw mo sa iniaalok kong tulong dahil naliliitan ka siguro. Pero ang tulong na inialok ni Jonathan tinanggap mo.”

“Hindi siya ang employer ko. Si Mr. Hasler.”

“Nag-aapura akong makasal tayo, Lauren, dahil may pananagutan na ako sa ’yo. Mahal kita at mataas ang pagkakilala ko sa ’yo. Pero kung ikaw na mismo ang tumatangi, bahala ka. Huwag mo lang akong sumbatan balang araw na pinabayaan kita at hindi ako tumupad sa pangako.”

“Ezekiel...” Hindi niya alam kung ano ang sasabihin para maglubag ang loob nito.

Kinabukasan, bumiyahe na si Kiel papuntang Zürich kung saan naroon ang pinakamalapit na airport. Hindi na ito nagpaalam sa kanya at mula noon, pinutol na nito ang komunikasyon nila.

She sighed at that painful memory.

Guilt and regret would forever be in her heart. Kung maibabalik lang sana niya ang sandaling iyon—iyong mga panahon na abot-kamay pa niya si Kiel at mahal pa siya nito. Kung alam lang niyang ganito

kalungkot...

Tagyelo rin noon nang sunduin siya si Kiel, parang ngayon. Pinag-aralan niyang kalimutan ang nobyo. Pinag-aralan din niyang kamuhian ito dahil iniwan siyang walang paalam at hindi malinaw ang lahat. Pero hindi niya alam kung nagawa nga niya. Basta isang araw, hindi na siya umiiyak.

Ganoon talaga yata ang pag-ibig, either you feel heaven or hell.

Sa mga romance stories lang naman nagkakaroon ng happy ending.

“Hay, love-love-love. Sana hindi na lang ako natutong umibig, sana hindi ako nasasaktan.” Kinuha niya ang huling piraso ng bukayo sa bulsa. Sa ilalim ng kumot ay binalatan ito at kinain—a piece of happiness.

Nasa ganoong pag-iisip siya na binibigyang-kahulugan ang pag-ibig nang mag-intro ang *The Rose*.

She knew the song so well. Poignant ang nakalapat na musika pero punung-puno ng pag-asa ang mensahe nito.

Some say love, it is a river that drowns the tender reed

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

*Some say love, it is a razor that leaves your soul
to bleed*

Tama, kaya siya nasasaktan ay dahil sa pag-ibig. Bago pa niya namalayan, lumuluha na siya. It was triggered by the sad melody.

She felt like a forgotten rose, abandoned in a faraway place.

Pinahid niya ang luhang namamalisbis sa magkabilang pisngi.

“Lauren is sturdy. Lauren is strong. She lost her heart. And she’ll cry no more.” Ni-recite niya nang malakas ang rhyme na na-compose niya noong mga panahong parang pagkahaba-haba at pagkalungkot-lungkot ng mga gabi, noong mga panahong kailangan niyang maging manhid ang damdamin para hindi siya panghinaan ng loob. At noong panahong nawalan siya ng pagtitiwala sa pag-ibig—parang iyong pagkakataon na nalaman ng isang bata na hindi pala totoo si Santa... ganoon din ang love, nasa isip lang ng tao.

Then she heard the most inspiring part of the song:

Just remember in the winter

A Rose In Liechtenstein - Alexie Aragon

Far beneath the bitter snow

Lies the seed that with the sun's love,

In spring becomes the rose

May pag-asa pa raw para muling mamukadkad ang kaligayahan niya, depende sa sunshine. Pero paano iyon? May iba nang mahal si Kiel at ikakasal na ito.